
Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



# Si Samson, Malakas na Lalaki ng Panginoon

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest; Alastair Paterson

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Matagal ng nakalilipas, sa bayan ng Israel, ay may nakatirang lalaki na si Manoa. Siya at ang kanyang asawa ay walang mga anak.




Isang araw ang anghel ng Panginoon ay nagpakita kay Ginang Manoa. “Manganganak ka ng sanggol na pambihira.

(especial)” Sinabi niya.



Sinabi niya itong katakatakang balita sa kanyang asawa. Nanalangin si Manoa, "O Panginoon ko…bumalik muli kayo sa amin. Turuan mo kami kung ano ang aming gagawin alang-alang sa sanggol."






Sinabi ng anghel kay Manoa na ang bata ay huwag gugupitan ng buhok, huwag iinum ng alak, at huwag kakain ng mga pinagbabawal na pagkain.






Ang mga taohan ng Diyos ay Talagang nangangailangan ng tulong. Iniwan nila ang Panginoon sa kanilang pamumuhay, at tinalo sila ng kanilang mga kalaban, ang Palistinas.




Ngunit kung sila'y dadaing at mananalangin, sila ay pakikinggan ng Panginoon.



Pinadala  itong sanggol na maging pinakamalakas na lalaki sa buong mundo.

"Ngayon ang babae ay nanganak ng sanggol na lalaki at pinangalanan ng Samson: at ang bata ay lumaki, at pinagpala siya ng Panginoon. At ang Espiritu ng Panginoon ay nagumpisang kumilos sa kanya."



Si Samson ay talagang malakas na lalaki. Isang araw kinalaban niya ang isang leon ng kanyang mga kamayat pinatay ito!





Mamaya,
si Samson ay kumain
ng pulot na galing sa
kawan ng bubuyog na nahan
sa loob ng bangkay ng leon.




Gumawa siya ng bugtong: “Sa mangangain ay lumabas ang pagkain, at sa malakas ay lumabas ang katamisan.”

Walang nakahula sa kahulugan - ngunit ang bagong asawa ni Samson, isang Philistina, ay sinabi sa kanyang mga kaibigan ang kahulugan. Ito ay nagpagalit kay Samson.




Si Samson ay lalong nagalit nang ang mga Philistinas ay ibinigay ang kanyang asawa sa matalik niyang kaibigan.



Nagbalak siya na gumanti. Ngunit paano? Una, si Samson ay humuli ng 300 zorra. Pinagkabit- kabit niya ang mga buntot at linagyan ng sigsig sa gitna sa pagitan ng bawa't dalawang buntot at sinindihan.




Pinakawalan ni Samson ang mga zorra sa trigohan ng mga Philistinas.



Ngayon gusto rin ng mga Philistinas na maghiganti. Si Samson ay nagpahuli, ginapus at ibinigay sa mga Philistinas upang patayin.



Ngunit ang Espiritu ng Panginoon ay sumakanya. Linaglag niya ang mga lubid, nakasumpong ng panga ng patay na asno, at iniunat ang kanyang mga kamay at pinatay ang 1000 kalaban.



Hinanap ng mga Philistinas si Samson.  Isang gabi, pinatibungan siya sa isang siyudad at sinusian ang mga pasukan.



Ngunit si Samson ay tumakas - dala-dala ang pasukan ng siyudad sa kanyang balikat.




Ngunit iniwanan ni Samson ang Diyos. Ang Diyos ay nagbigay sa kanya ng kalakasan hangang siya ay sumusonod sa Diyos. Isang araw, si Samson ay binahagi ang lihim ng kanyang kalakasan kay ...



... Delila, isang magandang espiya ng Pilistina. May handang lalaki na iniahit ang buhok ni Samson habang siya ay tulog.





Inataki si Samson ng mga kawal ng Philitinas sa silid tulugan ni Delila.


Lumaban si Samson ng malakas - ngunit ang kanyang lakas ay wala na. Ang mga kalaban ay inukit ang kanyang mga mata.





Bulag at mahina, si Samson ay naging alipin ng mga Philisteo. Sila'y nagsitawanan at tinuya nila ang alagad ng Diyos.


Ang mga Philistinas ay nagkaroon ng pagdiriwang. Pinuri nila ang kanilang Diyos-Diyosan panginoon ng isda na Dagon, na nasa kanilang kamay si Samson.




Nagsisiinuman at nagsaya sa templo ni Dagon.  Ngayon tinawag nila si Samson na magpalabas para sa kanila.



Dinala si Samson ng isang batang lalaki sa malaking haligi, at siya'y sumandal sa mga haligi na pinatungan ng templo.




May 3000 Philistinas sa bubong, at marami pa sa templo na tumutuya sa kanya. Ngunit ang buhok ni



Samson ay tumubo na habang nasa bilangguan.

Ngayon siya'y nanalangin, "O Panginoong Diyos, palakasin mo ako ngayon lamang, na makaganti ako sa aking mga mata na inukit."




Ibalik ba kaya ng Panginoon ang kalakasan ni Samson?

Magagawa ba kaya ni Samson ang imposible?

Opo! Oo po!



Kanyang pinilit at inunat ng malakas ang mga aligi ng templo.



Ang templo ni Dagon ay nawasak o nalaglag, at libo-libo ang namatay sa mga Philistina - at si Samson!



Si Samson, Malakas na Lalake
ng Panginoon

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mga Hukum 13-16

“Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag.” Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus.
Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16